Mensahe Tatlo

## Pagtawid sa Ilog Jordan at Pagiging Handa para sa Pakikipagbaka

Babasahin sa Kasulatan: Jos. 3:1—4:24; 5:1-10

**I. Ang Josue 3:1—4:24 ay isang talâ ng pagtawid ng bayan ng Israel sa Ilog Jordan:**

A. Nang makita ng bayan ng Israel ang Kaban ng Tipan ng kanilang Diyos at ang mga saserdoteng Levita na nagpapasan ng Kaban, sila ay humayo mula sa kanilang lugar at sinundan ito—3:3, 6:

1. Ang Kaban ay isang sagisag ni Kristo bilang ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos—Exo. 25:10-22.
2. Nang ang Kaban ng Diyos ay humayong kasama ng mga anak ni Israel, ang Tres-unong Diyos ay humayong kasama nila, nangunguna at sa gayon ay nauna sa paglusong sa tubig—Jos. 3:8, 11.
3. Na ang Kaban ay nasa mga balikat ng mga saserdote ay nagpapahiwatig na, sa sagisag, ang mga saserdoteng nagpasan ng Kaban ay naging kaisang entidad sa Tres-unong Diyos—b. 3:
   a. Sila at ang Diyos ay isang sama-samang persona—isang sama-samang Diyos-tao.
   b. Ang Diyos ay lumakad sa kanilang paglakad, at sila ay lumakad sa paglakad ng Diyos.

B. Ang Ilog Jordan ay sumasagisag sa kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo—Gawa 2:23-24; 3:15:

1. Ang Kaban ng Tipan ng Panginoon ay tumawid sa unahan ng bayan tungo sa Jordan—Jos. 3:11.
2. Ang paglusong at pag-ahon ng Kaban sa Jordan ay nagpapahiwatig ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo—b. 15; 4:11.

C. Ang pagtawid ng Israel sa ilog Jordan ay sumasagisag hindi sa pisikal na kamatayan ng mga mananampalataya bagkus sa karanasan ng mga mananampalataya sa kamatayan ni Kristo, kung saan ang lumang tao ay tinapos at inilibing—Roma 6:3-6; Gal. 2:20:

1. Ayon sa tipolohiya, ang ilog Jordan ay tumutukoy sa kamatayan ni Kristo kung saan ang mga mananampalataya ay nabautismuhan—Roma 6:3-4.
2. Ang mga anak ni Israel ay dumaan sa kamatayan ni Kristo upang ilibing ang kanilang lumang tao at maging isang bagong tao kay Kristo—2 Cor. 5:17:
   a. Sila ay handa nang pumasok sa mabuting lupain, angkinin ang lupain bilang kanilang pag-aari, at sumagupa sa pakikipagbaka laban sa mga Cananeo; gayunpaman, sa kanilang lumang tao ay hindi nila matatamo ang tagumpay.
   b. Sa sagisag, sila ay inilibing sa kamatayan ni Kristo, at pagkatapos, sila ay nabuhay na muli sa pagkabuhay na muli ni Kristo upang maging isang bagong tao kay Kristo para sa labanán ng espiritwal na pakikipagbaka—Efe. 6:10-20.
   c. Kailangan nating matanto na ang ating lumang tao, ang ating natural na tao, ay hindi kwalipikado upang makipaglaban sa espiritwal na pakikipagbaka para sa pagtatamo kay Kristo; kay Kristo ay hindi na tayo ang lumang tao kundi ang isang bagong tao—4:22-24.

3. Ang pagkabautismo ng mga mananampalataya sa kamatayan ni Kristo, bilang pagtawid ng Ilog Jordan, ay naghahatid sa mga mananampalataya sa pagkabuhay na muli ni Kristo—Roma 6:3-6; Col. 2:12:
   a. Sa aspekto ng paglilibing, ang bautismo ay ang pagtatapos ng ating lumang tao.
   b. Sa aspekto ng pagkabuhay na muli, ang bautismo ay ang pagpapasibol ng ating espiritu nang sa gayon ay gawin tayong buháy ng dibinong buhay kay Kristo—Juan 3:6, 15; Roma 8:10.
   c. Sa kinasasaklawan ng pagkabuhay na muli ay tinatamasa natin si Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na mabuting lupain kung saan tayo ay lumalakad at nauugatan at naitatayo pa nga para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos—6:4; Col. 2:7.

D. Ang pagtawid ng Israel sa Jordan at pagpasok sa mabuting lupain ay may kaugnayan sa pag-angkin at pagtatamasa sa mabuting lupain, na sumasagisag sa praktikal na karanasan ng mga mananampalataya sa mga kayamanan ng mga pagpapala sa loob ni Kristo gaya ng inihayag sa aklat ng Efeso—Jos. 4:1.

E. Ang pagpasok ng Israel sa mabuting lupain pagkatapos ng pagtawid sa Jordan ay sumasagisag sa karanasan ng mga mananampalataya sa pagsakop sa mga kalangitan, kung saan naroon si Satanas at ang kanyang kapangyarihan ng kadiliman—Efe. 2:2; 6:12.

**II. Labindalawang bato ang kinuha mula sa Jordan, at iba pang labindalawang bato ang ibinunton sa Jordan—Jos. 4:3-9:**

A. Ang labindalawang bato na kinuha mula sa Jordan ay sumasagisag sa labindalawang lipi ng bagong Israel—bb. 3-7.

B. Ang pag-ahon ng mga bato mula sa mga tubig ng Jordan ay sumasagisag sa pagkabuhay na muli mula sa kamatayan—b. 7:
   1. Ang labindalawang batong ito ay isang tanda, na nagpapakita na ang “nabuhay na muling” bagong Israel ay magiging isang patotoo ng pagtawid sa tubig ng kamatayan—bb. 6-7, 21-24.
   2. Ito ay sumasagisag sa pagdaranas ng mga mananampalataya sa pagkabuhay na muli mula sa kamatayan kalakip si Kristo—Roma 6:3-4.

C. Ang iba pang labindalawang bato na ibinunton sa gitna ng Jordan ay sumasagisag sa labindalawang lipi ng Israel sa kanilang lumang buhay at sa kanilang lumang kalikasan—Jos. 4:9:
   1. Ibinunton ni Josue ang labindalawang batong ito sa gitna ng Jordan kung saan naroon ang Kaban, sumasagisag na ninais ng Panginoon ang Israel sa kanilang lumang kalikasan na manatili sa ilalim ng tubig ng kamatayan ng Jordan.
   2. Ito ay sumasagisag na ang lumang tao ng mga mananampalataya ay dapat manatili sa kamatayan ni Kristo—Roma 6:6; Gal. 2:20; Fil. 3:10.

D. Isinasagisag ng dalawang pangkat ng labindalawang bato na ang ating lumang tao ay nailibing na at ang ating nabuhay na muling bagong tao ay nabubuhay at gumagawa kasama ng Tres-unong Diyos bilang isa; ito ay tumutugma sa pahayag sa Efeso 2:1, 4-6, 15, at 10.

**III. Ang mga saserdoteng nagpapasan sa Kaban ng Patotoo ay tumayong matatag sa tuyong lupa sa ilalim ng ilog ng Jordan hanggang ang buong bansa ay ganap na makatawid sa Jordan—Jos. 3:8, 13-15, 17; 4:10-11, 15-18:**

A. Ang mga saserdoteng nagpapasan ng Kaban ang unang lumusong sa tubig at ang huling umahon mula sa tubig; naghintay sila sa ilalim ng ilog para makatawid ang buong bayan ng Diyos —3:17; 4:15-16.

B. Inilagay ng Diyos ang mga saserdote sa lugar ng kamatayan nang sa gayon ay magkaroon ng daan ang mga Israelita tungo sa lupain ng buhay—b. 10:

1. Ang ilalim ng ilog ay ang posisyon ng kamatayan; ito ay hindi komportable o kaakit-akit.
2. Ang pasanin ang Kaban ng Patotoo sa ilalim ng ilog ay isang malaking pagdurusa.
3. Ang Panginoon ay naghahanap ng isang grupo ng mga tao na, gaya ng mga saserdote sa Josue 3 at 4, lulusong sa tubig, yaon ay, mauunang magtungo sa kamatayan—3:8, 17:
   a. Sila ay nagkukusa na unang matuos ng krus, na tumayo sa lugar ng kamatayan upang masumpungan ng ekklesia ang daan ng buhay—2 Cor. 4:10-12.
   b. Dapat muna tayong ilagay ng Diyos sa lugar ng kamatayan bago matanggap ng iba ang buhay—Juan 2:19; 12:24; 1 Cor. 15:36.

C. Dahil si apostol Pablo ay nagbahagi ng buhay sa pamamagitan ng pagkamatay, nakapagpapatotoo siya, na nagsasabi, “Kaya nga ang kamatayan ay gumagawa sa amin, datapwa’t ang buhay ay sa inyo”—2 Cor. 4:12:

1. Ang gawain ng mga apostol ay ang gawain ng kamatayan na gumagawa sa kanila nang sa gayon ay makagawa ang buhay sa mga mananampalataya—bb. 10-12.
2. Ang kinalabasan, ang resulta, ng paggawa ng kamatayan sa atin ay kahanga-hanga—ito ay buhay sa iba—b. 12.
3. Ang totoong gawain ng bagong tipang ministeryo ay hindi isang bagay ng paggawa; ito ay isang bagay ng pagkamatay—b. 1; 3:8-9; 5:18.
4. Sa pagbabawi ng Panginoon, kailangan nating mamatay upang ang buhay ay makagawa sa iba; kaya, ang ating pagkamatay ay ang ating paggawa—4:12.
5. “Hindi kailangan ng Panginoon na magsakatuparan ka ng isang gawain para sa Kanya. Kailangan Niyang mamatay ka. Kung ikaw ay mamamatay, ang buhay ay gagawa sa iba. Ikaw ay mamamahagi ng buhay sa iba sa pamamagitan ng pagkamatay. Samakatwid, ang ating gawain ay ang mamatay”—*Life-study of 2 Corinthians*, p. 295.

**IV. Bagama’t ang mga Israelita ay dinisiplina, sinanay, at naging kwalipikado, pagkatapos tumawid sa Jordan ay kailangan pa rin nila ng higit na paghahanda bago ang pagsalakay—Jos. 5:1-10:**

A. Ang pagtawid sa ilog Jordan ay para sa digmaan laban sa pitong lipi sa Canaan—4:12-13.

B. Habang nakikilahok si Josue sa himala ng pagtawid sa Jordan, siya ay napalakas upang manguna sa pakikipagbaka laban sa mga makademonyong Cananeo—3:6-7, 10; 4:14.

C. Inatasan ni Jehovah si Josue na “muli mong tuliin sa ikalawang pagkakataon ang mga anak ni Israel”—5:2:

1. Ang layunin ng pagtutuli ay ang gawing isang bagong bayan ang piniling bayan ng Diyos para sa pagmamana ng ipinangakong lupain ng Diyos—cf. Gen. 17:7-12.
2. Ang pagtutuli ng bagong Israel ay sumasagisag sa pagtutuli ni Kristo, sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, na inaplay sa mga mananampalataya sa pag-

aalis ng katawan ng laman upang manahin nila si Kristo sa pagkabuhay na muli bilang bahaging inilaan sa kanila ng Diyos—Col. 2:11-12; 1:12.

3. Ang espiritwal na pagtutuli ay isang pagpapatuloy ng paglilibing sa kamatayan ni Kristo—Roma 6:3-4:
   a. Sa pamamagitan ng pagtawid sa ilog Jordan, ang lumang Israel ay inilibing at ang isang bagong Israel ay lumitaw; ito ay isang obhektibong gawain na ginawa ng Diyos.
   b. Ang pagtutuli sa mga anak ni Israel ay ang kanilang praktikal na pag-aaplay ng kung ano ang ginawa ng Diyos sa pagtawid sa ilog Jordan—Jos. 5:2-9.
4. Sa Bagong Tipan, ang espiritwal na pagtutuli ay ang palagiang pag-aaplay ng kamatayan ni Kristo sa ating laman—Fil. 3:3; Col. 2:11:
   a. Bagama't sa katotohanan ay binautismuhan tayo sa kamatayan ni Kristo at nailibing at naibangong kalakip Niya, sa praktikalidad ay dapat pa rin nating iaplay ang pagtutuli ng krus sa ating laman sa pamamagitan ng Espiritu araw kada araw—Roma 8:13; Gal. 5:24.
   b. Ito ang realidad at praktikalidad ng pananatili sa kamatayan at paglilibing ni Kristo.

D. Ang mga anak ni Israel ay nagkampo sa Gilgal at nagdaos ng Pascua sa mga kapatagan ng Jerico—Jos. 5:10:
   1. Ang Kapistahan ng Pascua ay ginaganap upang gunitain ang pagtutubos ni Jehovah sa Israel mula sa hatol ng kamatayan ng kanilang mga panganay na anak na lalaki at ang pagliligtas din ni Jehovah sa Israel mula sa Ehipto at mula sa pangangamkam ni Faraon—Exo. 12:3-7, 11-14; 14:13-30.
   2. Ang pagsasagawa ng Pascua ay nagpapahiwatig na kung paanong iniligtas ni Jehovah ang Israel mula kay Faraon at sa Ehipto, gayundin ay Kanyang lilipulin ang mga lipi ng Canaan at ililigtas ang Israel mula sa kanila—Jos. 5:10.
   3. Ang pagsasagawa ng Pascua ng Israel ay sumasagisag sa pagsasagawa ng mga mananampalataya ng hapag ng Panginoon upang gunitain ang Panginoon bilang kanilang Tagapagtubos at Tagapagligtas—Mat. 26:26-28.

*© 2021 Living Stream Ministry*